

NAGPETISYON/NAGDEDEMANDA: NAKADEMANDA/NASASAKDAL: Pang-impormasyon Lamang IBANG MAGULANG:	NUMERO NG KASO: Huwag Isumite
--------------------------------------------------------------------------------------------------------	-----------------------------------------

PAYO AT PAGTALIKDAN SA MGA KARAPATAN PARA SA PAGTATAKDA

- KARAPATAN NA KATAWANIN NG ISANG ABUGADO.** Naiintindihan ko na ako ay may karapatan na katawanin ng isang abugado na pinili ko sa sarili kong gastos. Kung hindi ko kayang magbayad ng abugado upang katawanin ako, mahihingi ko sa hukuman na magtatalaga ng abugado para katawanin ako nang wala akong babayaran tangi kung sasalungatin ko na ako ang magulang ng mga batang tinukoy sa aksyong ito at para sa mga usapin lamang ng pagiging magulang. Naiintindihan ko na ang abugado para sa lokal na ahensiya ng suporta sa anak ay hindi kumakatawan sa akin.
- KARAPATAN SA ISANG PAGLILITIS.** Naiintindihan ko na ako ay may karapatan na ang isang opisyal na panghukuman (judicial officer) ay: (a) magpasiya kung ako ang magulang ng mga batang tinukoy sa pagtatakda, (b) magpasiya kung magkano ang suporta sa anak na dapat kong bayaran, at (c) magpasiya kung magkano ang (hindi nabayarang suporta na) dapat kong bayaran.
- KARAPATAN NA HARAPIN AT TANUNGIN ANG MGA TESTIGO.** Naiintindihan ko na sa isang paglilitis anumang mga paratang na ginawa laban sa akin ay dapat patunayan. Sa paglilitis ay maaaring may kasama akong abugado kapag may tumetestigo, at maaari akong magtanong sa kanila. Maaari rin akong magharap ng ebidensiya.
- KARAPATAN NA SUMAILALIM SA MGA PAGSUSURI NG PAGIGING MAGULANG KUNG IPINAHIHINTULOT NG BATAS.** Naiintindihan ko na kung ipinahihintulot ng batas, may karapatan ako na hingin sa hukuman na mag-utos ng mga pagsusuri ng pagiging magulang. Ang hukuman ay magpapasaya sa mga pagsusuri. Ang hukuman ay maaaring mag-utos na hindi ako magbayad o magbayad ng ilan, o lahat ng mga gastos sa pagsusuri.
- PAG-AMIN AT PAGTALIKDAN SA MGA KARAPATAN.** Naiintindihan ko na sa pagsang-ayon sa mga tadhana ng utos o hatol, inaamin ko na ako ang magulang ng mga batang tinukoy sa pagtatakda at isinusuko ko ang mga karapatang nakasaad sa itaas.
- KUNG SAAN ANG PAGTATAKDA AY KABILANG ANG SUPORTA SA ANAK.**
 - Naiintindihan ko na may tungkulin ako na sundin ang utos na suporta para sa mga batang tinukoy sa pagtatakda hanggang ang utos ay baguhin ng hukuman o tapusin ng batas.
 - Naiintindihan ko rin na ang hukuman ay mag-utos ng mga pagbabayad ng suporta na tuwirang babayaran mula sa mga suweldo o ibang kita at ipapadala sa lokal na ahensiya ng suporta sa anak kung itinalaga sa kanila na singilin ang suporta.
 - Sinabi sa akin ang halaga ng suporta sa anak ayon sa patnubay at kung paano ang iminungkahing halaga ng suporta sa anak ay ipinapasiya.
- KUNG SAAN ANG PAGTATAKDA AY KABILANG ANG PAGKAKALOOB NG SEGURONG PANGKALUSUGAN.** Naiintindihan ko na dapat akong magpanatili ng segurong pangkalusugan para sa mga menor na anak kung ang seguro ay makukuha ko, o kapag maaari ko nang makuha, nang walang bayad o sa makatwirang halaga. Ang pagtatalaga ng segurong pangkalusugan/Pambansang Paunawa ng Medikal na Suporta (*National Medical Support Notice*) ay maaaring iutos upang kumuha ng segurong pangkalusugan para sa aking mga anak.
- Sumasang-ayon ako sa mga tadhana ng utos o hatol na ito nang malaya at kusang-loob.
- Naiintindihan ko na ang lokal na ahensiya ng suporta sa anak ay inaatasan ng batas ng estado na ipatupad ang tungkulin na suporta.
- NAIINTINDIHAN KO NA KUNG SADYANG HINDI KO SUSUPORTAHAN ANG AKING MGA ANAK, ANG MGA PAMAMARAANG PANGKRIMEN AY MAAARING SIMULAN LABAN SA AKIN.**
- PAGSINGIL NG SUPORTA.** Naiintindihan ko na ang anumang suportang dapat kong bayaran ay maaaring singilin mula sa alinman sa aking ari-arian. Ang pagsingil na ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagharang ng pera na dapat bayaran ng estado o pederal na pamahalaan (tulad ng mga pagsasauli ng buwis, mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho at para sa kapansanan, at mga premyo sa loterya) sa akin, sa pamamagitan ng pagkuha ng ari-arian ko, sa pamamagitan ng paglalagay ng lien sa aking ari-arian, o sa pamamagitan ng anumang ibang mga paraan na ayon sa batas.
- KUNG AKO AY KINAKATAWAN NG ISANG ABUGADO, NABASA AT IPINALIWANAG NG AKING ABUGADO SA AKIN ANG MGA TADHANA NG UTOS O HATOL AT ANG PAYONG ITO AT PAGTALIKDAN SA MGA KARAPATAN, AT NAIINTINDIHAN KO ANG MGA TADHANANG ITO.**

Nabasa at natiindihan ko ang *Payo at Pagtalikdan sa mga Karapatan para sa Pagtatakda (Advisement and Waiver of Rights for Stipulation)*; o

Kalapit nito ang isang salin nitong *Advisement* sa (*tukuyin ang wika*):

Naiintindihan ko ang salin.

Petsa:

(IMAKINILYA O ILIMBAG ANG PANGALAN)

▶ **Pang-impormasyon Lamang**

(PIRMA NG TAONG ISANG PANIG NG USAPIN)

PAGPAPAHAYAG NG TAGASALIN NG WIKA: Ang taong tinukoy sa itaas na isang panig ng usapin ay walang kakayahang basahin o hindi naiintindihan ang *Advisement* na ito dahil

ang kanyang pangunahing wika ay (*tukuyin*):

Iba (*Tukuyin*):

Pinatutunayan ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na, sa abot ng aking makakaya, ay binasa ko o isinalin ko para sa taong tinukoy sa itaas ang *Minutes and/or Order or Judgment at Advisement and Waiver of Rights for Stipulation*. Sinabi ng taong tinukoy sa itaas na naintindihan niya ang mga tadhana ng utos o hatol bago niya pinirmahan ito.

Petsa:

(IMAKINILYA O ILIMBAG ANG PANGALAN NG TAGASALIN NG WIKA)

▶ (PIRMA NG TAGASALIN NG WIKA)